

## Inumpisahan na ang Permanenteng Serbisyo na Libreng Legal na Konsultasyon para sa mga Residenteng Banyaga!

Ang Bar Association o Asosasyon ng mga Abogado sa Nagano ay nakipagkasundo sa pamahalaan ng prepektura na umpisahan ang isang bagong serbisyong konsultasyon na dinisenyo ayon sa pangangailangan ng mga dayuhang residente upang sila ay makapagkunsulta sa abogado nang walang alinlangan tungkol sa mga problema na tulad ng utang, trabaho, pamilya, at katayuan ng pananatili dito sa Japan.

Malugod naming tatanggapin ang inyong konsultasyon.

### 【 Karakteristiko ng Serbisyo】

- Libre ang konsultasyon (Ngunit, magagamit lang ng parehong tao ang serbisyong ito ng 1 beses sa 1 taon)
- Maaaring magpatala sa sariling wika
- Maaaring kumunsulta sa abogado na pinakamalapit sa tirahang lugar

### 【 Paraan ng Paggamit ng Serbisyo】

Una, tumawag sa Nagano Prefecture Multicultural Consultation Center

Nagano KenTabunkaKyoseiSodanCenter  
長野県多文化共生相談センター (TEL 026-219-3068)

Araw ng Pagtanggap ng Konsultasyon: Maliban sa Una at Ikatlong Miyerkules, bukás araw-araw at tuwing Una, at Ikatlong Sabado Oras ng Pagtanggap ng Konsultasyon: 10 am hanggang 6 pm
--

Ang Consultation Center ay tumatanggap ng konsultasyon sa 15 wika

~Maaaring kumunsulta sa mga sumusunod na Wika ~

Chinese, Portugues, Tagalog, Korean, Vietnamese, Thai, English,

Bahasa Indonesia, Spanish, Nepalese, Bahasa Malaysia,

Burmese, French, Khmer, German

Kung ang taong nais kumunsulta ay nakakapagsalita ng Nihongo, at kung siya mismo ay makakapaghanda ng interpreter, siya ay maaaring tawagan ng abogado sa pinakamalapit na araw, upang ipaalam ang iskedyul ng araw ng konsultasyon.

Kung ang taong nais kumunsulta ay hindi naman makakapaghanda ng interpreter, ang abogado ang maghahanap ng interpreter at pagkatapos ay ipapaalam ito sa Nagano Prefecture Multicultural Consultation Center upang maipaalam sa nais kumunsulta ang iskedyul.

※ Patiunang ipinapaunawa na may pagkakataon na hindi tanggapin ang konsultasyon kung sakaling walang makuhang interpreter.

Tungkol sa gastusin ng konsultasyon, maaaring gamitin ang serbisyo ng Japan Legal Support Center (Houterasu), Japan Federation of Bar Association, o Nagano Prefecture Bar Association, ayon sa pinansiyal na kalagayan ng taong nais kumunsulta, kaya kailangang ideklara ang aktuwal na income sa inyong pagpapatala.

Ang impormasyon tungkol sa konsultasyon ay mananatiling kompidensiyal at hindi malalaman ng ibang tanggapan tulad ng opisina ng Imigrasyon.